

ARALIN 34

1. Mula sa tuktok ng Bundok Sinai, ano ang ibinigay ng Diyos sa mga Israelita?

-Sampung Utos.

2. Bakit ang Diyos lamang ang ating Diyos?

-Dahil iisa lamang ang Diyos.

-Dahil walang ibang Diyos.

3. Bakit hindi tayo dapat gumawa ng imahe upang magmukhang Diyos?

-Dahil ang Diyos ay espiritu.

-Dahil ang Diyos ay hindi mukhang tao, o hayop, o ibon.

4. Bakit natin dapat igalang ang Pangalan ng Diyos?

-Dahil ang Pangalan ng Diyos at ang Diyos ay pareho.

-Dahil ang Pangalan ng Diyos at ang Diyos ay iisa.

5. Bakit dapat tayong magpahinga isang beses sa isang linggo?

-Dahil nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa sa anim na araw, at pagkatapos ay nagpahinga sa ikapitong araw.

6. Bakit natin dapat igalang ang ating mga ama at ina?

-Dahil ibinigay sa atin ng Diyos ang ating mga ama at ina upang tayo ay palakihin.

7. Ayon sa Diyos, kung napopoot tayo sa ibang tao, ano ang nagawa natin?

-Sinabi ng Diyos na kung napopoot tayo sa ibang tao, pinapatay natin ang taong iyon.

8. Ayon sa Diyos, kung titingnan natin ang ibang tao at gusto nating sumiping sa kanila, ano ang nagawa natin?

-Sinabi ng Diyos na kung titingnan natin ang ibang tao at gusto nating sumiping sa kanila, kung gayon tayo ay nangalunya sa kanila.

9. Ayon sa Diyos, kung iisipin nating magnakaw ng pag-aari ng ibang tao, ano ang nagawa natin?

-Sinabi ng Diyos na kung iisipin nating magnakaw ng mga pag-aari ng ibang tao, kung gayon ay ninakaw natin ang mga ito.

10. Ayon sa Diyos, kung alam natin ang katotohanan subalit hindi natin ito sasabihin, ano ang ating ginagawa?

-Sinasabi ng Diyos na kapag alam natin ang katotohanan subalit nabigong sabihin ito, kung gayon tayo ay nagsisinungaling.

11. Bakit hindi natin dapat gustuhin kung ano ang mayroon ang ibang tao?

-Dahil ang Diyos mismo ang nagbigay nito sa ibang tao.

12. Kung susundin natin ang lahat ng utos ng Diyos maliban sa isa, ano ang sinasabi ng Diyos?

-Sinabi ng Diyos na para bang sinuway natin ang lahat ng Kanyang mga utos.

13. Ano ang parusa sa paglabag sa sampung utos ng Diyos?

-Kamatayan sa Lawa ng Apoy.

14. Paanong ang mga utos ng Diyos ay parang salamin?

-Ang mga utos ng Diyos ay tumutulong sa atin na makita ang ating kasalanan.

-Ang mga utos ng Diyos ay nagpapakita sa atin ng ating kasalanan.

15. Bakit ibinigay sa atin ng Diyos ang Kanyang mga utos?
-Upang ipakita sa atin ang ating marumi, at makasalanang puso.

16. Sino lamang ang makapaglilinis ng ating marumi at makasalanang puso?
-Tanging ang Diyos.

-Dahil ayaw ng Diyos na makalimutan ng mga Israelita ang Kanyang sampung utos, isinulat ito ng Diyos sa dalawang tapyas na bato.

-Tinawag ng Diyos si Moises sa tuktok ng Bundok Sinai upang kunin ang dalawang tapyas ng bato.

Basahin natin ang Exodo 24:12

12-Sinabi ng Panginoon kay Moises, “Umakyat ka rito sa akin sa bundok, at maghintay ka roon at ibibigay ko sa iyo ang mga tapyas ng bato at ang batas at ang kautusan na aking isinulat, upang iyong maituro sa kanila.”

-Sinunod ni Moises ang Diyos, at umakyat sa Bundok Sinai.

-Isang kabataang lalaki na nagngangalang Joshua ang sumama kay Moises.

Basahin natin ang Exodo 24:13-15 & 18

13-Kaya’t tumindig si Moises, at si Josue na kanyang lingkod; At si Moises ay umakyat sa bundok ng Diyos.

14-Kanyang sinabi sa matatanda, “Hintayin ninyo kami rito hanggang sa kami ay bumalik sa inyo, at sina Aaron at Hur ay

kasama ninyo; Sinumang magkaroon ng usapin ay lumapit sa kanila.”

15-Umakyat nga si Moises sa bundok at tinakpan ng ulap ang bundok.

18-Pumasok si Moises sa ulap, at umakyat sa bundok. Si Moises ay nasa bundok sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi.

-Nang makarating si Moises sa tuktok ng Bundok Sinai, ibinigay ng Diyos ang Kanyang sampung utos.

-Nang ibinigay ng Diyos kay Moises ang Kanyang sampung utos, inutusan din Niya si Moises na magtayo ng isang bagay para sa Kanya. Ano iyon?

-Inutusan ng Diyos si Moises na magtayo ng tolda para sa Kanya.

Basahin natin ang Exodo 25:8

8-Igawa nila ako ng isang santuwaryo upang ako’y makapanirahan sa gitna nila.

-Bakit inutusan ng Diyos si Moises na magtayo ng tolda para sa Kanya?

-Kailangan ba ng Diyos ng bahay na tirahan?

-Hindi.

-Bakit hindi kailangan ng Diyos ng bahay na matitirhan?

-Dahil ang Diyos ay Espiritu.

-Dahil ang Diyos ay nasa lahat ng dako sa lahat ng oras.

-Bakit inutusan ng Diyos si Moises na magtayo ng tolda para sa Kanya?

-Naaalala mo ba ang kasunduan na ginawa ng Diyos sa mga Israelita?

-Ano ang kasunduan na ginawa ng Diyos sa mga Israelita?

-Kung susundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, ano ang ipinangako ng Diyos na gagawin?

-Kung susundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, pagpapalain sila ng Diyos.

-Kung hindi susundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, ano ipinangako ng Diyos na gagawin?

-Kung hindi susundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos, sila ay parurusahan ng Diyos.

-Nasunod ba ng mga Israelita ang lahat ng utos ng Diyos?

-Hindi.

-Alam ba ng Diyos na hindi nagawang sundin ng mga Israelita ang lahat ng Kanyang mga utos?

-Oo.

-Ano ang parusa ng Diyos sa paglabag sa kahit isa lamang sa Kanyang mga utos?

-Kamatayan sa Lawa ng Apoy.

-Ito ang dahilan kung bakit inutusan ng Diyos si Moises na gawan Siya ng isang tolda:

-Dahil mahal ng Diyos ang mga Israelita, ayaw Niya na sila ay mamatay sa Lawa ng Apoy.

-Dahil ayaw ng Diyos na mamatay ang mga Israelita sa Lawa ng Apoy, nagbigay ang Diyos ng paraan ng pagtakas para sa kanila.

-Ano ang paraan ng pagtakas na ibinigay ng Diyos para sa mga Israelita?

-Kapag ang mga Israelita ay nagkasala at lumabag sa isa sa mga utos ng Diyos, ang mga Israelita ay pupunta sa tolda at dadalhin ang dugo ng mga hayop.

-Ano ang gagawin ng Diyos kapag nakita Niya ang dugo ng mga hayop?

-Kapag nakita ng Diyos ang dugo ng mga hayop, hindi Niya parurusahan ang mga Israelita hanggang sa mabayaran ang kasalanan.

-Paano ninais ng Diyos na itayo ni Moises at ng mga Israelita ang tolda?

Basahin natin ang Exodo 25:9

9-Ayon sa lahat ng aking ipinakita sa iyo, sa anyong huwaran ng tabernakulo at sa anyong huwaran ng lahat ng

kasangkapan niyon ay gayon ninyo gagawin.

-Paano ninais ng Diyos na itayo ni Moises at ng mga Israelita ang tolda?

-Eksakto ayon sa sinabi ng Diyos.

-Paano ninais ng Diyos na gawin ni Noe ang arka?

-Eksakto ayon sa sinabi ng Diyos.

-Tulad ng iniutos ng Diyos kay Noe na gawin ang arka nang eksakto ayon sa sinabi ng Diyos, iniutos din ng Diyos kay Moises na itayo ang tolda nang eksakto ayon sa sinabi ng Diyos.

-Hindi natin masasabi sa Diyos kung paano tayo lalapit sa Kanya.

-Dapat tayong lumapit sa Diyos sa paraang sinasabi Niya sa atin.

-Hindi tayo makalalapit sa Diyos sa sarili nating paraan.

-Dapat tayong lumapit sa Diyos sa paraan Niya lamang.

-Saan natin matututunan ang paraan ng Diyos?

-Sa Aklat ng Diyos, ang Bibliya.

-Sa anong mga materyales ang iniutos ng Diyos na itayo ng mga Israelita ang tolda?

-Mula sa mga balat ng mga hayop at mga materyales na gawa sa buhok ng mga kambing.

-Pagkatapos, inutusan ng Diyos si Moises na gumawa ng dalawang silid sa tolda.

-Ano ang mga pangalan ng dalawang silid na iniutos ng Diyos kay Moises na gawin sa tolda?

-Ang Banal na Silid at ang Kabanal-banalang Silid.

-Ang unang silid ay tinawag na Banal na Silid.

-Ito ay isang silid na para sa Diyos.

-Iilang tao lamang ang nakapapasok sa unang kwarto.

-Ang pangalawang silid ay tinawag na Kabanal-banalang Silid.

-Ang silid na ito ay para sa Diyos lamang.

-Isang tao lamang ang nakapapasok sa Kabanal-banalang Silid ng isang beses sa loob ng isang taon.

-Ito ay dahil nasa silid na ito ang kaluwalhatian ng Diyos.

-Kung itinayo ng mga Israelita ang tolda nang eksakto ayon sa sinabi ng Diyos kay Moises, kung gayon ang kaluwalhatian ng Diyos ay papasok sa Kabanal-banalang Silid ng tolda.

-Inutusan ng Diyos si Moises na gumawa ng isang espesyal na kahon na ilalagay sa Kabanal-banalang Silid.

-Ang espesyal na kahon ay tinawag na Kaban ng Tipan.

Basahin natin ang Exodo 25:10-11

10-”Sila’y gagawa ng isang kabang yari sa kahoy na akasya na may dalawang siko at kalahati ang haba, isang siko’t kalahati ang luwang, isang siko’t kalahati ang taas.

11-Iyong babalutin ng lantay na ginto; sa loob at sa labas ay iyong babalutin, at igagawa mo ng isang moldeng ginto sa palibot.”

-Iniutos ng Diyos na ang Kaban ng Tipanay dapat gawin mula sa kahoy ng isang espesyal na puno.

-Iniutos din ng Diyos na ang Kaban ng Tipan ay dapat na nababalutan ng ginto.

-Iniutos din ng Diyos na ang Kaban ng Tipan ay dapat na dalawa’t kalahating kubiko ang haba, isang kubiko at kalahati ang lapad, at isang kubiko at kalahati ang taas.

-Pagkatapos, inutusan ng Diyos si Moises na gumawa ng takip para sa Kaban ng Tipan.

Basahin natin ang Exodo 25:17

17-”Pagkatapos, gagawa ka ng isang luklukan ng awa na lantay na ginto na may dalawang siko at kalahati ang haba niyon, at isang siko at kalahati ang luwang niyon.”

-Inutusan ng Diyos si Moises na gumawa ng takip na purong ginto para sa Kaban ng Tipan.

-Iniutos din ng Diyos na ang takip ay dapat dalawa’t kalahati kubiko ang haba, at isang kubiko at kalahati ang lapad.

-Ang takip na ito ay kung saan mananatili ang kaluwalhatian ng Diyos kasama ng mga Israelita.

-Pagkatapos, inutusan ng Diyos si Moises na gumawa ng dalawang gintong anghel para sa takip.

Basahin natin ang Exodo 25:18-20

18-”At gagawa ka ng dalawang kerubin na ginto; Gagawin mo ang mga iyon sa pamamagitan ng pagpitpit, sa dalawang dulo ng luklukan ng awa.

19-Gumawa ka ng isang kerubin sa isang dulo, at ng isang kerubin sa kabilang dulo; Sa kaputol ng luklukan ng awa, gagawin mo ang mga kerubin sa dalawang dulo niyon.

20-Ibubuka ng mga kerubin nang paitaas ang kanilang pakpak, na nilililiman ang luklukan ng awa ng kanilang mga pakpak. Sila’y nakaharap sa isa’t isa; Ang mukha ng kerubin ay nakaharap sa luklukan ng awa.”

-Inutusan ng Diyos si Moises na gumawa ng isang gintong anghel sa isang dulo ng takip, at ng isa pang gintong anghel sa kabilang dulo ng takip.

-Iniutos ng Diyos na ang dalawang anghel ay humarap sa isa isa pa, na nakaunat ang kanilang mga pakpak upang takpan ang takip, at nakababa ang kanilang mga mukha.

-Pagkatapos, inutusan ng Diyos si Moises na ilagay ang takip sa ibabaw ng Kaban ng Tipan.

Basahin natin ang Exodo 25:21-22

21-“Iyong ilalagay ang luklukan ng awa sa ibabaw ng kaban; At sa loob ng kaban ay iyong ilalagay ang tipan na aking ibibigay sa iyo.

22-Doon ako makikipagtagpo sa iyo, at mula sa ibabaw ng luklukan ng awa, sa gitna ng dalawang kerubin na nasa ibabaw ng kaban ng tipan ay ibibigay ko sa iyo ang lahat ng mga utos ko para sa mga anak ni Israel.”

-Inutusan ng Diyos si Moises na ilagay ang dalawang tapyas ng Kanyang sampung utos sa loob ng Kaban ng Tipan.

-Ito ay nasa itaas ng takip sa pagitan ng dalawang gintong anghel kung saan ang kaluwalhatian ng Diyos ay mananatili sa mga Israelita.

-Inutusan din ng Diyos si Moises na magsabit ng kurtina upang mahati ang Karamihan sa Kabanal-banalang Silid at sa Banal na Silid.

Basahin natin ang Exodo 26:31 & 33

31-”Gagawa ka ng isang tabing na asul at kulay-ube, at pula at hinabing pinong lino; Na may mga kerubin na mahusay na ginawa.

33-Isasabit mo ang tabing sa ilalim ng mga kawit, at iyong ipapasok doon sa loob ng tabing ang kaban ng tipan; At paghihiwalayin ng mga tabing para sa inyo ang dakong banal at ang dakong kabanal-banalan.”

-Ano ang kahulugan ng kurtinang naghahati sa Kabanal-banalang Silid at ng Banal na Silid?

-Ang kurtina ay upang ituro sa mga Israelita na sila ay hiwalay sa Diyos dahil sa kasalanan.

-Tulad ng kurtinang naghihiwalay sa Kabanal-banalang Silid at sa Banal na Silid, ang kasalanan ang naghihiwalay sa Diyos at sa mga tao.

-Nang matapos ang kurtina, inutusan naman ng Diyos si Moises na ilagay ang Kaban ng Tipan sa Kabanal-banalang Silid.

-Inutusan din ng Diyos si Moises na gumawa ng bakod sa paligid ng tolda.

-Sa loob ng bakod at sa harap ng tolda, inutusan naman ng Diyos si Moises na gumawa ng altar na kahoy na natatakpan ng tanso.

Basahin natin ang Exodo 27:1-2

1-”Gagawin mo ang dambana na yari sa kahoy na akasya na limang siko ang haba at limang siko ang luwang; Ang dambana ay gagawing parisukat at ang taas nito ay tatlong siko.

2-Gagawa ka ng mga sungay para dito sa ibabaw ng apat na sulok niyon; Ang mga sungay ay kakabit nito at iyong babalutin ito ng tanso.”

-Kung nagkasala ang isang Israelita, iniutos ng Diyos na magdala ng isang hayop na kakatayin sa tansong altar.

-Ito sinabi ng Diyos kung paano papatayin ng mga Israelita ang hayop:

Basahin natin ang Levitico 1:4

4-”Ipatong niya ang kanyang kamay sa ulo ng handog na sinusunog at ito ay tatanggapin para sa ikatutubos niya.”

-Inutusan ng Diyos na ilagay ng Israelita ang kanyang kamay sa ulo ng hayop, at pagkatapos ay katayin ang hayop.

-Bakit inutusan ng Diyos ang mga Israelita na ilagay ang kanilang kamay sa ulo ng hayop na kanilang papatayin?

-Ipatong ng Israelita ang kanyang kamay sa ulo ng hayop upang aminin sa Diyos na siya ay nagkasala at dapat mamatay, subalit tatanggapin ng Diyos ang kamatayan ng hayop at hindi ang kanyang kamatayan.

-Ang dugo ba ng mga hayop ay nakapabayad sa mga kasalanan ng mga Israelita?

-Hindi.

-Kung gayon bakit hiniling ng Diyos sa mga Israelita na magpatay ng hayop para sa kanilang mga kasalanan?

-Itinuro ng Diyos sa mga Israelita na ang kaparusahan sa kasalanan ay kamatayan.

-Ano ang gagawin ng Diyos kapag nakita Niya ang dugo ng mga hayop?

-Kapag nakita ng Diyos ang dugo ng mga hayop, hindi Niya parurusahan ang mga Israelita hanggang sa mabayaran ang mabuting dugo.

-Pagkatapos, inutusan ng Diyos si Moises na gawin punong saserdote ang kanyang kapatid na si Aaron.

-Inutusan din ng Diyos si Moises na gawing mga pari ang mga anak ni Aaron.

Basahin natin ang Exodo 28:1

1-”Ilapit mo sa iyo si Aaron na iyong kapatid at ang kanyang mga anak na kasama niya, mula sa mga anak ni Israel, upang makapaglingkod sa akin bilang mga pari—si Aaron at ang mga anak ni Aaron na sina Nadab, Abihu, Eleazar at Itamar.”

-Ginawa ng Diyos si Aaron at ang kanyang mga anak na mga pari.

-Subalit tanging si Aaron lamang, ang punong saserdote, ang pinayagang pumasok sa Kabanal-banalang Silid.

-At si Aaron ay pinayagang pumasok sa Kabanal-banalang Silid lamang ng isang beses sa isang taon.

-Dahil ang Diyos ay banal at napopoot sa lahat ng kasalanan, ang punong saserdote ay gayon makapasok sa Kabanal-banalang Silid ng isang beses lamang sa isang taon.

Basahin natin ang Levitico 16:2

2-Sinabi ng Panginoon kay Moises: “Sabihin mo kay Aaron na iyong kapatid na huwag papasok nang wala sa panahon sa santuwaryo sa loob ng tabing, sa harapan ng luklukan ng awa na nasa ibabaw ng kaban upang siya’y huwag mamatay, sapagkat ako’y magpapakita sa ulap sa ibabaw ng luklukan ng awa.”

-Ano ang mangyayari kapag pumasok si Aaron sa Kabanal-banalang Silid kung kailan niya pipiliin?

-Mamamatay si Aaron.

-Isang beses lamang makapapasok si Aaron sa Kabanal-banalang Silid sa loob ng isang taon sa araw na pinili ng Diyos.

-Nang dumating ang araw na pinili ng Diyos para kay Aaron na pumasok sa Kabanal-banalang Silid, ano ang iniutos ng Diyos kay Aaron na dalhin kasama siya?

Basahin natin ang Levitico 16:14

14-”At siya’y kukuha ng dugo ng toro at iwiwisik ito sa pamamagitan ng kanyang daliri sa ibabaw ng luklukan ng awa, at sa harapan ng luklukan ng awa ay iwiwisik niya ng pitong ulit ang dugo sa pamamagitan ng kanyang daliri.”

-Inutusan ng Diyos si Aaron na dalhin ang dugo ng isang hayop sa Kabanal-banalang Silid.

-Ano ang gagawin ni Aaron sa dugo ng hayop?

-Iwiwisik niya ang dugo sa Kaban ng Tipan.

-Dahil ang Diyos ay banal at napopoot sa lahat ng kasalanan, kinailangan ng punong saserdote na dalhin ang dugo ng mga hayop sa Kabanal-banalang Silid at iwisik ang dugo sa Kaban ng Tipan.

-Kung si Aaron ay sumunod sa Diyos, at nagwiwisik ng dugo sa

Kaban ng Tipan, kung gayon ano ang gagawin ng Diyos?

-Ibibimbin muna ng Diyos ang Kanyang kaparusahan sa mga kasalanan ng mga Israelita sa loob ng isang taon hanggang sa isang mas mabuting kabayaran para sa kasalanan ay magawa.

-Hindi natin masasabi sa Diyos kung paano tayo lalapit sa Kanya.

-Dapat tayong lumapit sa Diyos sa paraang sinasabi Niya sa atin.

-Hindi tayo makalalapit sa Diyos sa sarili nating paraan.

-Dapat tayong lumapit sa Diyos sa paraan.